

Para sa mga Dayuhang Sasali sa National Health Insurance na Naninirahan sa Kobe City

Ang National Health Insurance ay isang sistema ng pagtutulungan ng gobyerno at ng mga nagbabayad ng kontribusyon ng mga kasali dito upang matiwasay na makapag-pagamot sa oras na masugatan o magkasakit. Ipakikita lamang ang Health Certificate sa tanggapan ng ospital at maaaring makapagpagamot na ang babayaran ay isang bahagi lamang (30%) ng kabuuang halaga ng gastusin sa ospital. Ganundin, kung masyadong malaki ang kinakailangang bayaran sa pagpapagamot ay maaaring maibalik ang sobrang halaga na binayaran kung mag-a-apply.

Kung naka-rehistro bilang maninirahan ng Kobe City nang higit sa 3 buwan ang mga dayuhan na hindi kasali sa ibang Medical Insurance na may edad 74 pababa, ay kinakailangang sumali sa National Health Insurance na Sistema ng Japan. Ang paglalakbay sa ibang bansa ay hindi nasasaklaw ng National Health Insurance System. Ganundin, ang mga nakatira dito sa Kobe City, kahit na ang period of stay ay 3 months pababa (kung ie-extend), 「Technical internship」, 「Family stay」 o kaya ay 「Specific Activities※」, subalit humigit sa 3 buwan, ay kinakailangang sumali sa National Health Insurance.

※ang ilan sa 「Specific Activities」 na nakatala sa ibaba ay hindi sakop.

- Activities para tumanggap ng Medical Care
 Activities na mag-alaga ng mga taong tatanggap ng Medical Care
 Tourism o aktibidad na kahalintulad dito
 Tourism o asawa ng may aktibidad na katulad nito

Proseso sa pagsali sa National Health Insurance...

※May pagkakataon na kakailanganing magpasa ng My Number

Kung kinakailangan ng mga dokumento sa pag-apply	Mga kailangang dokumento (passport, residence card o special permanent residence certificate (Alien registration card), pakidala po ang inyong seal)
Kapag lumipat galing sa ibang siyudad	Kakailanganin ang Health Insurance Card ng household sa pagdadagdag ng miyembro
Kung ang lilipatan ay ward na sakop ng siyudad ng dating tinirahan (kasama ang paglipat sa pagitan ng Suma branch pipe at North Suma branch pipe)	Health Insurance Card sa pinanggalingang lugar Kakailanganin ang Health Insurance Card ng household sa pagdadagdag ng miyembro
Sa sandaling mawalan na kwalipikasyon na sumali sa ibang Health Insurance ・ Retiro sa trabaho (maaaring ipagpatuloy ayon sa kaso) ・ kawalan ng kwalipikasyon na magpagpatuloy · kapag pumanaw na ang kasali	Pagkawala ng kwalipikasyon ng Health Insurance Health Insurance Card ng household kung magdadagdag ng miyembro
Kapag nanganak	Mother and Child Health Notebook · Health Insurance Card ng household
Kapag natigil na ang tulong ng “Seikatsu Hogo”	Sulat na nagsasaad ng paghinto ng tulong ng “Seikatsu Hogo”

※Gayundin, kung sa pag-aapply ng National Health Insurance ay hindi nakatala sa residence certificate ang status of stay, sa kadahilanang nasa kasalukuyang pagpo-proseso ng pagpapalit ng status nito, kakailanganin ang kumpirmasyon ng residence card.

◇**Tapusin sa loob ng 2 linggo ang pagpo-proseso ng pagsali sa National Health Insurance.**

Kapag Kinailangang pumunta sa ospital bago matanggap ang insurance card...

Kapag nagpagamot bago mabigyan ng insurance card ay kakailanganing bayaran muna ang buong halaga sa ospital, ihanda ang lahat ng papel o resibo ng ginastos sa pagpapagamot at dalahin ang lahat ng ito sa ward office ng tinitirahang lugar at sa mga sangay ng National Health Insurance. Matatanggap ang benepisyo para sa pagpapagamot kung nag-apply sa sangay na opisina. (may 2 hanggang 3 buwan bago ito matanggap)

◇**Maaaring hindi makatanggap ng benepisyo kung mahuhuli ang pagpo-proseso nito.**


Sa mga hindi marunong ng Nihongo

- ① May mga pagkakataon na hindi matugunan ang problema sa banyagang lengwahe sa window ng ward office, kung kaya't hanggat maaari ay magsama ng marunong ng wikang hapon.
- ② Dito sa Kobe International Community Center ay, nagbibigay ng libreng serbisyo ng interpreter para sa mga banyagang hindi marunong ng wikang hapon na naninirahan sa Kobe na makakasama sa ward office o city office (makipag-ugnayan po lamang para sa reservation).

Mga wika, Ingles, Intsik, Korean, Espanyol, Portuguese, Vietnamese, Filipino, Nepal, Thailand, Indonesian.

〈tel〉 078-742-8721 〈homepage〉 <https://www.kicc.jp/ja/aboutkicc>

Ang Insurance Premium para sa taong 2022...



May kanya-kayang 3 uri ng pagtutuos ang (1) Insurance premium para sa pagpapagamot (2) Insurance premium para sa " Suportang salapi ng mga Late Senior Citizen" (3) Para sa " Nursing Care" .

medical treatment	Insurance premium para sa	(1)	① Halaga ng kita ⇒ Para sa taong 2022 ※Tinuos na kita × 8.41 % (babayaran depende sa kinikita ng lahat ng kasali) (kabuuang halaga ng kita ng lahat ng kasali)
			② Nakaseguro bawat rate ng capita ⇒ 34,270 yen × bilang ng kasali (babayaran depende sa dami ng mga kasali)
			③ Flat rate ng household ⇒ 22,550yen (nakatalagang babayaran ng bawat householder)
			①+②+③= Insurance premium para sa 1 taon (kung lalampas ng 650,000 yen ay 650,000 yen)

Senior citizen	Insurance Premiums para sa	(2)	① Amount of Income ⇒ Para sa taong 2022 ※Tinuos na kita × 2.98 % (babayaran depende sa kinikita ng lahat ng kasali) (income amount for alculation ng lahat ng kasali)
			② Nakaseguro bawat rate ng capita ⇒ 11,750 yen × bilang ng kasali (babayaran depende sa dami ng mga kasali)
			③ Flat rate ng household ⇒ 7,730 yen (nakatalagang babayaran ng bawat householder)
			①+②+③= Insurance premium para sa 1 taon (kung hihigit sa 200,000 yen ay 200,000 yen)

Para sa " nursing care-	(3)	※mga household na kasali na nasa edad na 40 at hindi lalampas ng 64
		① Amount of Income ⇒ Para sa taong 2022 ※Tinuos na kita × 3.14 % (calculation income para sa kasali na nasa edad 40 hanggang 64)
		② Porsyento ng average amount ng mga kasali ⇒ 14,660 yen × bilang ng kasali na nasa edad na 40 hanggang 64
		③ Porsyento ng average amount ng mga kasali ⇒ 6,950 yen (nakatalagang babayaran ng bawat householder)
①+②+③= Insurance premium para sa 1 taon (kung hihigit sa 170,000 yen 170,000 yen)		

- ※Kung sumali o tumigil sa kalagitnaan ng taon, tutuusin ang mga buwang natapos
- ※Ang aktuwal na babayaran sa insurance ay maaaring mas maging mababa kaysa sa naging tuos sa itaas dahil sa iba't-ibang aplikasyon ng pagpapababa.
- ※Upang matuos ng tama ang dapat bayaran sa insurance ay makipag-tulungan sa pamamagitan ng pagdedeklara ng mga kinikita.

■Kailan magsisimula ang pagbabayad ng insurance fee ?

Ang insurance fee ay magsisimula sa buwan na matanggap ang National Health Card. (Hindi sa buwan nang mag-apply) Kapag naantala ang pagproseso ng pagsali, tutuusin (may maximum na 2 taon) ang insurance fee at pagbabayaran .

■Ang insurance fee sa 1 taon ay maaaring bayaran ng 10 beses, simula June hanggang March ng susunod na taon.

※Kapag sumali sa kalagitnaan ng taon, maaaring hulugan ito simula sa buwan na dumating ang card hanggang March.

■Tuwing katapusan ng buwan ang due date ng pagbabayad (kung mapatapat ang araw na ito sa holiday, bayaran sa susunod na unang ordinaryong araw.) .

※Tuwing ika-27 ng buwan ang pagkolekta kung transfer account ang gagamitin (kung matatapat sa holiday, sa susunod na ordinaryong araw) sa pagbabayad.

Para sa madali at ligtas na paraan ng pagbabayad ng insurance fee ay hinihiling na gamitin ang transfer account (automatic transfer) .

Maaari sa Bank · Credit Union · Credit Association · at iba pang Financial Institution tulad ng Agricultural Cooperatives, Yuucho Bank · Transfer Account sa window ng Post Office (Automatic Transfer) .

©Kung nawalan ng pagkakakitaan sa kadahilanang nawalan ng trabaho o nawala ang negosyo at mahihirapang makapagbayad ng insurance fee, maaaring sumailalaim sa pagbabawas o exemption ng insurance premium, mangyaring ipagbigay po lamang.